

COVID-19 AT BUDGET NG UNION CITY

Dahil sa pagkakapasong mga naaprubahan ng mga botante na lokal na mga hakbang at epekto ng COVID-19 sa buwis ng mga benta, buwis sa hotel, mga bayarin at iba pang pinagkukunan ng benta, ang lungsod ay kasalukuyang humaharap sa hindi birong pagkalugi ng kita sa susunod na apat na taon. Upang mapanatili ang piskal na kakahayan sa pagbabayad ng utang at walang anumang bagong mapagkukunan ng kita, kinakailangan ng Lungsod na permanenteng bawasan ng humigit kumulang na \$11 na milyon ang susunod na apat na taon, na nagrerepresenta ng halos 17% ng kasalukuyang tumutakbong budget ng Pangkalahatang Pondo ng Union City. Ang mga paghahati ng kalakhang ito ay magreresulta sa malalim na mga pagbabawas sa mga mahahalagang programa at serbisyo.

Makatuturang mga pagbabawas ang ginawa bago at bilang tugon sa COVID-19, kabilang ang pagsasara ng hindi masyadong nagagamit na himpilan ng bumbero, pagpapahinto sa mga bakanteng posisyon, pagbabawas ng mga oras ng aklatan, pagtanggap ng pag-iikot ng pulis sa komunidad at mga opisyal ng school resource, at paggamit ng mga reserba ng kungsod upang makatulong sa pagpondo ng mga puwang.

MEASURE WW: PAGPREPRESERBA NG MGA KINAKAILANGANG SERBISYO

Sa kadahilanan ng pagkawala ng kita, ang Konseho ng Lungsod ay kinakailangang isaalang-alang ang malalim na mga pagbabawas sa budget ng lungsod. Kabilang ang input ng publiko, nilagay ng Konseho ng Lungsod ang Measure WW – isang pansamantalang *utility user tax* – sa balota sa Nobyembre 3, 2020. Ang pinanukalang 5% *utility user tax* ay ipapataw sa mga serbisyo ng kuryente, gasolina, bidyo at telekomunikasyon. Ang hakbang na ito ay magbibigay ng mga \$6.1 na milyon na karagdagang pondo na maaaring makapapreserba ng serbisyong kinakailangan ng lungsod. **Ang mga matatanda at residente na mayroong mabababang kita ay karapat-dapat na makatanggap ng eksemsiyon sa buwis.**

Ang kita galing sa Measure WW ay maaaring magamit upang makatulong sa pagpreserba ng mga serbisyong kinakailangan tulad ng:

- Ang pagpapanatili ng serbisyong paramediko at proteksyon sa sunog, ang emerhensyang tugon na 9-1-1 at ang mga programang paghahanda sa emerhensya at kalamidad, kabilang ang para sa krisis sa pampublikong kalusugan
- Pagsisigurado na ang mga matatanda ay nakakatanggap ng suporta at access sa pagkain sa panahon ng krisis na COVID-19 at habang sa panahon pagbabawi dito.
- Pagpapanatili ng mga parke at kalsada
- Pagpreserba ng pagiwas sa karahasan ng kabataan at mga programang namamagitan sa droga at gang upang mapanatiling wala sa mga kalsada ang mga bata at mapanatili ang seguridad ng komunidad

LOKAL NA KONTROL AT PANANAGUTAN

Ang kita na makakalap sa isang Measure WW ay magsasama ng pangangalagang piskal. Ang lahat ng mga pondo na nakalap sa Measure WW ay gagastusin lamang sa lokal at hindi maaaring alisin ng Estado. Ang mga negosyo ay magbabayad ng kanilang makatarungang bahagi upang ang mga residente ay hindi kinakailangang saluhin ang buong halaga.



IBAHAGI ANG IYONG MGA PRAYORIDAD AT OPINYON

Habang ang Konseho ng Lungsod ay gagawa ng mga mahihirap na desisyon sa mapaghamong panahon na ito, umaasa sila sa boses ng komunidad. Upang ibahagi ang iyong mga prayoridad at opinyon, makipag-ugnayan kay Lauren Sugayan, Communications Manager sa (510) 675-5400 o LaurenS@unioncity.org. Para sa karagdagang impormasyon pakibisita ang www.unioncity.org.

